# HANEP

Basahin Mo Ito!

ISSN-2546-0536

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.51 | Abril 27-Mayo 3, 2020 | P10.00




*Nang-atake ng tubo't kutsilyo...*

# 2 ARAW WALANG KAIN; NABURYO, NAGHUREMENTADO

p. 2

## 'PANIBAGONG LALAKI' SA BUHAY NI MAX COLLINS

p.9

*Pati mga kasama...*

p.12

## BABAING LIDER NG DROGA, DINAKMA

## DUMAGSA ANG LOVE LETTERS PARA SA COVID-19 PATIENTS NG BACOOR SA KANILANG MGA ISOLATION AT QUARANTINE AREAS

pahina 10

## BINATILYO, INUTO PARA MAGNAKAW

pahina 11

## PULIS AT MIDWIFE MAGKATUWANG NA NAGPAANAK SA PAKIL RHU

p.5

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

*Nang-atake ng tubo't kutsilyo...*

# 2 ARAW WALANG KAIN; NABURYO, NAGHUREMENTADO?

**HINIHINALANG naburyong dahil sinasabing dalawang araw ng hindi kumakain kaya naghurementado umano ang isang 32-anyos na factory worker at inatake ng tubo at kutsilyo ang ilang kapitbahay kabilang ang live-in partner nito na naging dahilan naman ng kanyang kamatayan matapos mabaril ng mga nagrespondeng pulis sa Carmona, Cavite.**

Idineklarang dead on arrival sa Pagamutan ng Carmona ang suspek na si Efren Mituda, ng 9300 JM Loyola St., Brgy Maduya, Carmona.

Kabilang sa mga nagharap ng reklamo sina Ralph Albas, 23, factory worker; Jose Sta Marina, 49, security guard; Larry Napitri, 31, factory worker; at Dexter delos Santos, salesman, pawang residente ng 9300 Lebrudo compound, JM Loyola St., Brgy Maduya, Carmona.

Sa ulat ni PSSgt Ritchie Ines ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-4:40 ng Martes ng umaga nang nakatanggap ng tawag ang Carmoma MPS kung saan isang lalaki ang umano'y naghuhurementado sa 9300 JM Loyola St., Brgy Maduya.

Nang respondehan ng pulisya, naabutan nila ang live-in partner ng suspek na si Wendy Suvillaga, 32, at iba pang biktima na sugatan habang ang suspek ay may hawak na tubo at kutsilyo habang sinusugod ang mga kapitbahay nito.

Kinakausap at pinakakalma nina Corporal Reymark Gipit at Pat Joseph Melican, kapwa sa Carmona MPS, subalit imbes na tumigil ay tinangkang umatake ni Mituda.

Dahilan umano upang paputukan siya ni Gipit at tumama sa tiyan nito.

Gayunman ay isinugod si Mituda sa pagamutan at ang mga sugatan subalit namatay ang una habang ginagamot.

Ayon kay Ines, bago naganap ang paghuhurementado ay dalawang araw na umanong hindi kumakain si Mituda na hinihinalang dahilan ng pagkaburyong bagama't hindi naman nabatid kung ano ang naging problema nito. **GENE ADSUARA**

# SK Councilor, timbog

**ARESTADO** ang isang 21-anyos na incumbent SK Councilor matapos na ireklamo dahil sa pagbebenta ng Special Amelioration Program (SAP) form at pagbibigay ng naturang form sa kanyang mga kamag-anak kahit hindi kuwalipikado sa programa sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Kasong paglabag sa RA 3019 (Anti-Graft & Corrupt Practices) at RA 6713 (An Act Establishing a Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees) ang isinampa laban kay Raymond Minorca, ng Phase 3 Block 4 Lot 14, FVR Brgy Poblacion 5, GMA, dahil sa reklamo ni Jimuel Gabica, 32, empleyado at in-charge ng Municipal Social Welfare Development (MSWD).

Sa ulat ni PMSGt Jonarey Visca, ng GMA Municipal Police Station, nag-ugat ang pagkakaaresto sa suspek dahil sa natatanggap na reklamo ni Gabica kung saan siya ang i-charge sa pagbibigay ng tulong at distribution ng Special Amelioration Program (SAP) mula sa iba't ibang barangay.

Base sa natanggap niyang mga reklamo, ibinebenta umano ni Minorca ang SAP form at pinapaboran ang mga kamag-anak na mabigyan ng form kahit hindi kuwalipikado ang mga ito sa nasabing programa.

Personal siyang ininguso ng kanyang mga nabiktima dahilan upang arestuhin ng mga Bantay-bayan dakong alas-6:00 ng gabi sa FVR Brgy Poblacion 5 ng naturang bayan .

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa GMA Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# PCOO chief hands out rice aid to Caraga journalists

**BUTUAN CITY** – Recognizing that members of the press in Caraga are also affected by the enhanced community quarantine (ECQ), Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar distributed on Friday around 500 packs of rice to media personalities in the region.

Coursed through the Philippine Information Agency in Caraga (PIA-13), each pack of five-kilo rice was distributed to media workers in all of the region's five provinces.

Caraga was placed under ECQ in Mid-march following the confirmation of the first 2019 coronavirus disease (Covid-19) infection in the area.

PIA-13 said Caraga is the second region in Mindanao to benefit from the relief packs from Andanar.

Earlier this week, media persons from Region 10 received their packs of rice from the communications secretary, the statement added.

"Experiencing before the nature of work among the people from the media industry, I can truly empathize with their plight especially during this time of Covid-19 crisis and I am more inclined of helping them as my way of thanking them also for their great effort in the delivery of vital information and Covid-19 updates to the public," Andanar said in a statement.

PIA-13 said Andanar recognized the "invaluable contributions of the frontline media members who have risked their lives" as they continue to inform the public on relevant updates pertaining to the pandemic.

"We pray that our fellow journalists will continue to be motivated to perform their duties as truthful and responsible despite the threat posed by Covid-19. Your safety is also our primordial concern. We could not afford to see you in a critical situation when there is something that we can really do to keep you safe and secure," Andanar said. **(PNA)**

# 6 SSF cooperators sa Bulacan, tumulong sa laban vs COVID-19

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Anim na Shared Service Facility o SSF cooperators ng Department of Trade and Industry o DTI sa Bulacan ang tumulong na rin sa laban kontra coronavirus disease o COVID-19.

Ayon kay DTI Provincial Director Ernani Dionisio, isa sa malaking tulong sa paglaban sa COVID-19 ang Bagong Barrio Multi-Purpose Cooperative o BBMPC na ginamit ang mga SSF machine sa pagproduce ng mga Personal Protective Equipment o PPEs at face masks upang matugunan ang kakulangan ng suplay sa lalawigan.

Ipinamahagi ng kooperatiba ang mga medical supplies na nagawa sa iba't ibang pampublikong ospital.

Nagbigay din ang BBMPC ng 30-day moratorium sa pautang at relief packs at financial assistance sa mga miyembro nito.

Gayundin, karagdagang face masks ang ginawa ng San Ildefonso Doormat Manufacturers Association, Inc. na ipinamigay sa mga miyembro nito at lokal na pamahalaan.

Samantala, gumagawa ang Kabalingay Bulacan Third District Federation Inc. ng humigit kumulang 2,000 face masks kada araw at 200 PPEs kada linggo at ibinebenta sa murang halaga.

Nagpamahagi ng food assistance at loan payment extension ang Ligas Kooperatiba ng Bayan sa Pagpapaunlad sa kanilang mga miyembro.

Nagbigay naman ang Manatal Multi-Purpose Cooperative ng tig-10 kilong bigas sa kanilang miyembro. Ito ay bukod pa sa 5,500 relief packs na ipinamahagi sa anim na barangay sa bayan ng Pandi.

At panghuli, nagpamahagi ang Casechcom Multi-Purpose Cooperative ng gatas at cash assistance sa mga miyemro nito.**(CLJD/VFC-PIA 3)**

# PENRO-Quezon isinusulong ang proyektong 'Gulayan'

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)**--Inilunsad ng Department of Environment and Natural Resources Office-Provincial Environment and Natural Resources Office (DENR-PENRO) Quezon sa lungsod na ito kamakailan ang proyektong 'Gulayan'.

Sinabi ni Julieta Abuejela ng DENR-PENRO-Quezon na layunin ng proyekto na makatulong sa pagkakaroon ng sariling pagkain sa sariling bakuran habang ang bansa ay apektado ng COVID-19.

Sa proyektong ito, hinihikayat ang lahat ng kawani ng DENR-PENRO-Quezon sa buong lalawigan gayundin ang iba pang mga residente sa Quezon na magtanim ng gulay sa kani-kanilang mga bakuran.

Sinabi naman ni Provincial Environment and Natural Resources Officer (PENRO) Alfredo Palencia na ang proyektong 'Gulayan' ay maaaring gawin sa harap o likod ng bakuran. Kung wala namang espasyo tulad ng bakuran, maaaring gamitin ang mga recyclable materials kagaya ng plastic na bote ng softdrinks at tubig, lata ng gatas, galon ng ice-cream at iba pang mga lalagyan na maaaring pagtaniman.

"Ang mga pwedeng mabulok kagaya ng balat ng prutas at gulay at iba pa ay maaaring gawing compost at mga pataba sa mga pananim na gulay at ito ay suporta na rin sa ecological solid waste management ng bansa," sabi pa ni PENRO Palencia

Ayon pa kay Palencia, sa kasalukuyan ay mayroon ng iba't-ibang buto ng gulay kagaya ng petchay, mustasa, labanos, upland kangkong, sitaw, kalabasa at okra ang nakahandang ipamahagi sa mga kawani ng DENR-PENRO-Quezon samantalang ang ibang pananim ay nauna na ring naipamahagi.

Kaugnay nito, hinihikayat din ang lahat na kawani ng DENR-PENRO-Quezon at iba pang mga lokal na residente sa lalawigan na gamitin ang konsepto ng 'Tayo ang Kalikasan, Sustainable Re-greening and the Art of Compsoting' (TAK-SRAC). **(Ruel Orinday-PIA-Quezon with reports from Julieta Abuejela of DENR-PENRO-Quezon)**

# Nanay pinatay sa taga ng sariling anak dahil sa SAP

**PINAGTATAGA** sa iba't ibang bahagi ng katawan hanggang sa napatay ang isang ina ng kanyang sariling anak bunsod umano ng pagtangging bigyan ng pera ang huli ng una matapos makakuha ng ayuda mula sa pamahalaan sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP) sa Rosario, La Union.

Ang suspek ay kinilalang si Omar Casilla, 34, binata, at construction worker; habang ang ina nito ay nakilalang si Pacita Casilla, 59, vegetable vendor kapwa residente ng Barangay Amlang, Rosario.

Binanggit ni Rosario Police deputy chief P/Capt Joel Cabaddo sa panayam sa kanya ng isang radio station doon na pera ang pinag-ugatan ng krimen.

Sa inisyal na pagsisiyasat ay nanghihingi umano ang suspek ng pera sa biktima nang malamang nakatanggap na ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng SAP.

Ipinapaliwanag ng ina na P4,500 lamang umano ang natanggap sa SAP subalit pinagpipilitan ng anak na P5,500 ang nakuhang pera ng biktima.

Ang pag-uusap ng mag-ina ay humantong sa mainitang pagtatalo na nauwi sa pananaga ng anak sa nanay.

Nabatid na buo ang desisyon ng kapatid ni Omar sa pagsampa ng kaukulang kaso laban sa suspek na nakapiit na. **RS**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Pilosopong 'pulpol'

ALAM ko na ang lahat ay naghahangad na tuluyan na sana ang pagwawakas ng COVID-19.

Alam na alam ko rin na napakarami ang mayroong matinding pagkagalit sa mga kababayan nating pasaway.

Itong mga pasaway ang sinasabi nilang isa sa mga dahilan ng pagkakadagdag sa kaso ng virus.

Bakit nga ba itinuturing silang mga pasaway?

Wala namang payak na dahilan subalit nasa labas at patuloy na gumagala.

Liquor ban pero sa mga kantu-kanto pa ginagawa ang pagtoma o pag-inom ng alak.

Nakuha pang magtupada at walang takot sa pagtutumpok ang mga sabungero.

Mayroon pang paboksing at ang mga live audience ay tuwang-tuwa pa sa panunood.

Hindi rin napigil ang mga makakati ang kamay sa pagsusugal.

Aba at ang mas masaklap ay iyong ilan sa mga nakakuha ng pera mula sa ayuda ng gobyerno na idinaan sa DSWD ay ipinansugal pa.

Ang isa pang nakakangitngit ay ginamit sa bisyong droga ng ilang nakakuha rin ng pera mula sa DSWD.

Nasa panahon ng COVID-19 subalit kaliwa't kanan pa rin ang transaksiyon ng droga.

Napakarami pang kaganapan habang tayo ay humaharap sa grabeng krisis.

Usap lang, ito ba ay pagpapakita o pagpapatunay na sadyang marami pa rin ang pasaway?

Tama…pero hindi marami bagkus ay napakarami pa rin pasaway sa ating mga kababayan.

Hindi naman masasabi na sila ay kulang sa dunong dahil marami rin sa kanila ang nagtataglay ng sapat na edukasyon.

Doon tayo sa mga mayroong talino o mga nakapag-aral naman gayunman ay napapabilang sa mga pasaway.

Ang kanilang kaalaman ay hindi ginagamit sa tamang pamamaraan.

Sila iyong mga tipong baligtad ang katwiran o pwedeng sabihing pilosopong pulpol.

Kung alin o saan daw ang bawal ay iyon ang sinasabi nilang mas masarap.

Masakit man sabihin kaya lang ang sigaw ng lahat ay mas mainam daw na silang mga 'pulpol' ang natamaan o tinatamaan ng virus.

# P11.54B naipamahagi ng DSWD 4A sa mga LGUs para sa distribusyon ng SAP cash subsidy

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Iniulat ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Region IV-A na nasa P11.54 bilyon na ang kabuuang pondo na naibaba nila sa mga lokal na pamahalaan para sa distribusyon ng cash subsidy sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP).

Ayon sa DSWD 4A, ang nabanggit na pondo ay naipadala na sa may 136 pamahalaang lokal sa buong CALABARZON para sa 1.77 milyon ng kabuuang 2.24 milyong target na benepisaryo ng DSWD sa ilalim ng SAP.

"Nagsimula noong Abril 11, may 62 na LGUs sa buong CALABARZON ang may ongoing na distribusyon ng cash subsidy," sabi ng DSWD 4A.

Samantala narito ang bilang ng mga target na benepisaryo na makatatanggap ng P6,500 na cash subsidy sa kada lalawigan sa CALABARZON: Cavite - 495,330; Laguna - 448,328; Batangas - 327,720; Rizal - 306,681; at Quezon -366,860.

Ayon pa sa DSWD 4A, sa mga nabanggit na bilang na benepisaryo, hindi kabilang ang mga benepisaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) dahil ang cash subsidy para sa kanila ay nakadeposito na sa kanikanilang cash cards.

Sa ilang pagkakataon, ang 'assembly type' na distribusyon ng cash subsidy ay isinasagawa base sa rekomendasyon ng lokal na pamahalaan upang mapabilis ang pagbibigay ng cash subsidy sa mga benepisaryo. Ito ay ginagawa kapalit ng house-to-house distribution upang maiwasan ang anomang delay na dulot ng kakulangan sa staff at ang banta sa seguridad ng mga taong kasama sa distribusyon.

Sa lahat ng distribusyon ng cash subsidy, istriktong ipinatutupad ang safety measures tulad ng social o physical distancing, at paggamit ng face mask.

Ang Social Amelioration Program ay naglalayong matugunan ang pangangailangan ng mga higit na naapektuhan ng ehanced community quarantine (ECQ) na ipinapatupad upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.

Ini-ulat din ng DSWD 4A na may kabuuang ₱2,995,329,778.27 halaga na tulong ang naipagkaloob na nila sa mga apektadong pamilya ng pagpapatupad ng ECQ. Sa nabanggit na halaga, may 35,920 family food packs (FFPs) na nagkakahalaga ng ₱13,265,700.00 ang naipamigay na. Habang ang ₱2,972,777,001.47 ay ambag ng mga pamahalaang lokal at ₱9,287,076.80 naman ang nagmula sa iba't ibang Civil Society Organizations (CSOs).

Sa estado ng stockpile at standby funds, ayon sa DSWD 4A, may nakalaang 7,494 na FFPs na nagkakahalaga ng ₱ 2,802,756.00 ang naka-imbak sa GMA at Dasmariñas warehouses ng DSWD 4A habang ang standy funds na nagkakahalaga ng ₱8,280,064.60 ay nasa proseso na ng pagbili ng mga karagdagang relief goods.

May mga naka-reserba ding mga raw materials ang DSWD 4A katulad ng children & adult clothings, home-life supplies, assorted toys, temporary shelter accessories, kitchen accessories, protective supplies, packaging materials, at iba pang raw materials na may kabuuang halagang P10,474,803.08 **(CPGonzaga, PIA-4A at ulat mula sa DSWD Region IV-A FB Page)**

# NGCP distributes goods as part of PhP1Billion COVID-19 relief assistance

**BATANGAS CITY (PIA)-** -Shell Companies in the Philippines through its social investment arm, Pilipinas Shell Foundation Inc. (PSFI) has organized the Ani Para sa Bayani program.

The program aims to help farmers by directly purchasing their farm produce to help them ease the effects of the coronavirus disease (COVID)-19. The puchased agri products was donated to the community kitchens which directly feed the frontliners in hospitals, response teams and enforcers at checkpoints.

On April 8, about 2,224 kgs. of assorted vegetables such as carrots, chayote, cabbages, beans, tomatoes ang eggplants among others were turned over by PSFI to the Batangas Medical Center, Batangas City Local Government Community Kitchen and 600 households from Brgy. Malitam.

Shell Tabangao Refinery is implementing an 86-hectare community based reforestation project with the help of PSFI in Dolores, Quezon. The vegetables were purchased from the local farmers in said town.

"We can feed around 1,200 frontline workers for seven days after receiving the vegetables donation PSFI. It is indeed a big help," said Jocelyn Cantre of Batangas City General Services Department.

Aside from those donations, Shell Companies in the Philippines in partnership with the Philippine Business for Social Progress (PBSP) donated 1,000 packs of vegetables to the households of Tabangao Aplaya and indigent contractors.

Reynaldo Doce, Tabangao-Aplaya Barangay Chairperson expressed his sincerest gratitude to PSFI and Tabangao Refinery noting that the donations will go a long way because it was very much needed by the residents especially nowadays.

"The donations are very timely because our body must be nourished and we need to stay healthy in this time of pandemic," Doce added. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with reports from Benedict Pascua-Pilipinas Shell Tabangao Refinery)**

# EDITORYAL

## Kaligtasan

**KALIGTASAN hindi lamang ng sarili kundi maging para sa pamilya at mga kasama sa bahay.**

**Ito ang pangunahing adhikain ng lockdown kaugnay ng mahigpit na panawagan ng pananatili sa bahay.**

**Hindi naman maiaalis ang paglabas para sa pagkain at iba pang pangangailangan subalit dapat ay kaakibat ang pagtalima sa mga alituntunin.**

**Ang pagsunod o ang mga tumatalima ay pagpapakita ng pagmamahal sa sarili at pagpapahalaga sa pamilya.**

**Sa pagtatapos ng lockdown ay maghari pa rin sana ang ganitong magandang pananaw.**

**Marami pang bagay at pangyayari na magaganap sakaling wala na ang COVID-19.**

**Ito ang mga 'virus' na dapat iwasan at labanan para sa kaligtasan ng sarili at ng mga mahal sa buhay.**


**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# KADIWA PROJECT, MALAKING TULONG SA PANAHON NG ECQ

**SAN JOSE, Batangas (PIA)** --Malaking tulong ang pagkakaroon ng KADIWA (KAtuwang sa DIwa at GaWA ) ni Ani at Kita Project ng Department of Agriculture sa iba't-ibang lugar sa lalawigan ng Batangas.

Sinabi ni Cecille Aldueza-Virtucio, project head ng Chef Jose of San Jose Batangas Consortium of Cooperatives, na ang inisyatibo ng grupo ay layong makapagbukas ng talipapa sa pamamagitan ng community market o mobile stores ay upang maipagpatuloy ang palitan ng transaksyon sa panahon na kinakaharap ang krisis dulot ng COVID-19.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Department of Agriculture Region IV-Calabarzon, nakapaglagay ang samahan ng kooperatiba ng dalawang marketing channels, (1) community store sa tulong ng mga kooperatiba (Coop-KADIWA) at (2) online market at delivery services na nagsasagawa ng operasyon sa Metro Manila.

Simula Abril 15, may 15 lugar ang Coop-KADIWA at nakapagserbisyo na sa may 2,500 pamilyang Batangueno simula ng ito ay mabuo noong Marso 11.

"Isang processing at packaging facility ang inilagay namin sa bayan ng San Jose upang mas maging madali para sa aming online market partners at kliyente ang pamamahagi sa aming kunsumidores," dagdag pa ni Virtucio.

Mahigit 120 toneladang sariwang produkto na ang naipamahagi ng Kadiwa katuwang ang Agro-Digital PH, Bukid Fresh, Farm2Table and Uproot Urban Farms. Sa bilang na ito, 30 tonelada ang mga gulay at prutas na naipamahagi sa presyong abot kaya simula sa unang araw ng delivery noong Marso 21.

Samantala, pinuri ni DA Regional Director Engr. Arnel De Mesa ang mga kooperatiba sa lalawigan ng Batangas sa kanilang ginagawang pakikiisa at pakikipagtulungan sa pamahalaan upang masiguro ang pagbibigay ng sapat na pagkain kasabay ng paglalagay ng tamang presyo sa mga magsasaka at kunsumidores.

Aniya, sa pamamagitan ng ganitong inisyatibo ng sektor ng agrikultura at pangisda, magiging matagumpay ang paglaban sa COVID-19.

Bukod sa bayan ng San Jose, may isinasagawa ding KADIWA project sa bayan ng San Luis kung saan iba't-ibang sariwang bilihin ang maaaring mabili ng mga residente. Ang mga produktong ito ay locally grown at siguradong bago at sariwa. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with reports from ARC,DA-RAFIS)**



**BALIKBAYANI REINTEGRATION.** Senator Risa Hontiveros turned over boxes of relief packs for 400 overseas Filipino workers under quarantine in Pier 15 in South Harbor in Manila to Philippine Coast Guard's Commander Armand Balilo (Spokesperson) and Lt. Michael John Encina (Community Relations Officer). **PR**

# Hontiveros urges DOLE, OWWA to develop BalikBayani reintegration program for OFWs

SENATOR Risa Hontiveros on Monday urged the government to develop a reintegration or what she called a BalikBayani program for OFWs who will lose their income due to the coronavirus disease or COVID-19.

The Senator made the call as she delivered food packs and hygiene kits to around 400 OFWs who are currently in a 14-day mandatory quarantine inside a 2GO ship manned by the Philippine Coast Guard at Pier 15 in Manila.

"Libu-libong pamilya na dependent sa mga OFWs ang mawawalan ng source of income. Ilang Filipino cruise ship workers, seafarers, hotel and tourism workers sa ibang bansa ang mawawalan ng trabaho? Kailangang handa tayong tulungan sila, " Hontiveros said, citing the Overseas Workers Welfare Administration or OWWA and the Department of Labor and Employment's mandate in implementing a reintegration program.

"OWWA and DOLE should work with local government units (LGUs) to ensure that systems are in place to support returning OFWs. A welfare fund can be established as a source of 'pantawid' for their families' loss of income in the months to come," urged Hontiveros.

The Senator also asked the Department of Social Welfare and Development to include OFW families in the Social Amelioration Program.

"Sana maisama sa Social Amelioration Program ang pamilya ng ating mga OFWs, lalung lalo na ang mga mawawalan agad ng kita dahil sa COVID-19," she urged.

"Malaki ang naging kontribusyon ng OFW remittances sa ating ekonomiya. Tayo naman ngayon ang magbigay ng tulong sa kanila," she concluded.

# SC orders courts to implement rules on release of qualified PDLs

**MANILA** – The Supreme Court (SC) on Monday directed first and second level court to conduct an inventory of pending criminal cases and determine if any persons deprived of liberty (PDLs) in these cases are entitled to be released under existing guidelines of the high court for speedy trials of accused persons.

In Circular 91-2020, Court Administrator Jose Midas Marquez said that "considering the continuing congestion of detention facilities nationwide" and the "consequent high risk of persons deprived of liberty being affected with Covid-19", there is a need to effectively implement existing policies laid down as provided in earlier resolutions of the court en banc in 2014.

Marquez directed judges of the first and second level courts to immediately conduct an inventory of their pending criminal cases to determine if they have cases which may be covered by guidelines on the matter, and if so, "to comply with the said guidelines without unnecessary delay, using their sound discretion".

The guidelines cover:

-Instances where the PDL has been detained while the case against him is pending for a period equal to the minimum of the penalty of the offense if had been found guilty; and

-Provisional dismissal of cases when the delays are due to the absence of an essential witness whose whereabouts are unknown or cannot be determined.

Marquez directed the lower courts to "immediately act motu proprio (on their own without a motion from a party)" on cases of PDLs who have been detained for a period at least equal to the minimum penalty for the offense charged and if warranted, may release such detainees on their own recognizance, provided the court is assured of where the accused can be located while their cases are ongoing trial.

Under the guidelines, the accused, before release, must provide contact numbers and exact address where they will be residing.

"Motions for recognizance and provisional dismissal of cases resulting in the release of the PDLs from detention may be considered urgent and must be immediately set for hearing," Marquez said.

He added that if release orders are warranted, judges may apply provisions on the electronic transmission of release orders. **(PNA)**

# Lolo tinaga dahil sa away sa lupa

**NAUWI** sa pananaga sa isang 69-anyos na lolo ng kapitbahay nito ang matagal na nilang alitan sa lupa nang nagpang-abot ito habang namumutol ng kawayan sa pinag-aawayang lupa sa Dasmarinas City, Cavite.

Ginagamot sa UMC Hospital ang biktimamg si Samuel Marcelo, ng 28 Purok 1 Brgy Langkaan 1, Dasmarinas City, dahil sa taga sa katawan habang arestado naman ang suspek na si Fernando Rangel, 55, driver, at kapitbahay ng biktima.

Sa ulat ni PSSgt Gilbert Santos, ng Dasmarinas City Police Station, namumutol ang biktima ng kawayan malapit sa nasabing lugar dakong alas-4:00 ng hapon nang bigla na lamang sumulpot ang suspek at walang sabi-sabing pinagtataga ito sa iba't-ibang bahagi ng katawan gamit ang isang jungle bolo.

Matapos ang pananaga ay tinangka ng suspek na tumakas subalit nakasalubong siya ng mga barangay tanod sa lugar na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Gayunman, hindi narekober ang jungle bolo na ginamit habang ang biktima ay isinugod sa ospital .

Nag-ugat ang matagal ng alitan ng dalawa dahil sa awayan sa lupa kaya nang nakita ng suspek na namumutol ng kawayan ang biktima sa pinag-aawayang lupa ay nagalit ito kaya pinagtataga. **GENE ADSUARA**

# DOF extends anew deadlines for tax amnesty, returns

**MANILA** -- The Department of Finance (DOF) has issued Revenue Regulations (RR) No. 10-2020 further extending deadlines to submit or file necessary documents and/ or pay taxes required under the Tax Code of 1997 as amended, following President Rodrigo Duterte's extension of the enhanced community quarantine (ECQ) period in Luzon until April 30.

The new regulations amend Section 2 of RR No. 7-2020, which was issued earlier to implement the provision in Republic Act (RA) No. 11469, or the Bayanihan to Heal As One Act extending various tax return deadlines that fell due during the original ECQ period.

In light of the two-week extension of the ECQ, RR 10-2020 further extends the filing, submission, and payment of various forms and requirements into May and June 2020.

For example, the filing and payment of annual income tax returns has been pushed down to May 30, from the earlier extended deadline of May 15.

The deadline, meanwhile, for taxpayers to avail of the tax amnesty on delinquencies (TAD) under RA 11213 and implemented by RR 4-2019, as amended, has been moved from April 23, 2020 to June 8, 2020.

This gives taxpayers ample time to settle their tax delinquencies while allowing the Bureau of Internal Revenue (BIR) to increase its collection from the tax amnesty program.

The regulations likewise adjusted due dates for the filing of position papers to notice of informal conference, memoranda, and other correspondences with due dates to file during the ECQ, by giving taxpayers another 30 days from the final date of the lifting of the ECQ to submit them to concerned BIR offices.

Also, the suspension of the running of statute of limitations was further extended up to 60 days after lifting of the order declaring the state of emergency.

Furthermore, the period to apply for a new authority to print (ATP) receipts/invoices, where the expiration date(s) falls within the ECQ period is extended until 13 May 2020, or for 30 calendar days after the lifting of the ECQ, whichever comes later.

Meanwhile, taxpayers can continue to use the receipts/ invoices with expiration falling within the ECQ period until 13 May 2020, or for 30 calendar days after the lifting of the ECQ, whichever comes later.

This benefits taxpayers who cannot apply for a new ATP or the accredited printer cannot deliver said receipts/invoices because of the ECQ.

However, issued receipts/invoices shall be stamped with the following: "Emergency Extension for Use until May 13, 2020."

RR 10-2020 also states that if the ECQ is further extended, the date shall be 30 days after the last day of ECQ. **(PR)**

# PULIS AT MIDWIFE MAGKATUWANG NA NAGPAANAK SA PAKIL RHU

**BAY, Laguna (PIA) - Sa kabila nang pakikibaka laban sa Coronavirus Disease o COVID-19 ng ating mga frontliner, nagpamalas ng pagtutulungan ang isang pulis at midwife na magkatuwang na nagpaanak ng isang buntis sa Pakil Rural Health Unit o RHU.**

Hindi nagdalawang-isip si PCpl Marco Andrew Jalago na asistahan sa pagpapaanak ang Midwife ng Pakil RHU na si Bb. Corina Esguerra nang dumating ang isang pasyente na manganganak na sa alanganing oras na sarado na ang RHU sa bayan ng Pakil, Laguna noong nakaraang biyernes, Abril 17, 2020.

"Naghihintay po ako ng time for duty sa checkpoint nang dumating iyong mag-asawa. Closed pa po ang RHU at waiting for the midwife," kwento ni Jalago.

Kapag sarado na ang RHU nang alas singko ng hapon ay on-call na ang midwife sakaling may manganganak, paliwanag niya.

Aniya galing rin sa 24 oras na duty ang komadronang si Esguerra sa checkpoint ng Pakil na malapit sa RHU at ang ibang mga healthworker naman ay kasalukuyang naka-duty nang dumating ang pasyente kasama ang asawa nito kaya naman nakita niya ang pangangailangan na tumulong sa pag-papaanak rito.

"Registered nurse po ako kaya medyo alam ko pa po kung ano ang gagawin pero syempre mas expert po iyong midwife kaya nag assist lang po ako," kwento niya.

Bagaman siya ay matagal na sa propesyon bilang pulis sinabi niya na naroon pa rin naman ang mga kaalaman na natutuhan niya bilang isang nurse kaya gayon na lamang ang kanyang lakas nang loob na asistahan ang komadrona.

"Public servant po ako. In time of need, hindi po ako nag-dalawang isip to lend a hand," sinabi ni Jalago.

Bilang isa sa mga itinuturing na mga 'public servant' sa unipormadong hanay ay hindi siya nag-atubili na mag-abot ng tulong sa abot ng kanyang makakaya.

Hiniling niya naman sa kapwa niya mga frontliner na manatiling ligtas at patuloy na sumunod sa mga alituntunin ng pamahalaan kaugnay ng kinakaharap na pandemya.

Nanawagan rin siya sa mga ordinaryong mamamayan na sumunod rin sa mga batas na ipinapatupad ng gobyerno, aniya "Para kapag natapos ito, we can all come back to our normal lives."

Hindi nalimitahan sa pagsisiguro ng seguridad at kapayapaan ang tungkuling ng pulis na si Jalago at di rin naman alintana ng midwife na si Esguerra ang pagod matapos ang isang buong araw niyang pagtratrabaho.

Dito natin makikita ang magkakaibang sakripisyo na ginagawa ng ating mga frontliner na naglalaan ng kanilang oras at buhay sa paglaban sa nakamamatay na virus habang sinisiguro na ang mga mamamayan ay nasa maayos na kalagayan. **(Joy Gabrido)**

# NKTI bags Healthcare Asia's 2020 Service Innovation of the Year Award

**QUEZON CITY, April 23 (PIA)--**The National Kidney and Transplant Institute got the Service Innovation of the Year Award for 2020 given by Healthcare Asia.

NKTI's entry, "Hemoperfusion: an innovative adsorption technology for multi-organ failure" was recognized by Healthcare Asia as an excellent initiative that have made a tremendous positive impact to patients and healthcare industry.

It was proven that NKTI's initiative increased the survival of leptospirosis patients with kidney failure and lung hemorrhage.

Said initiative begun in 2018 and 2019, when the hospital witnessed an upsurge of severe leptospirosis patients with multi-organ failure.

Leptospirosis, a disease stemming from floods and a rat-infested environment, remains a challenge in urban areas. Patients admitted with the disease usually suffer from kidney failure, liver dysfunction, and lung hemorrhage.

Majority of the leptospirosis patients required dialysis for acute kidney injury.

Although kidney failure from leptospirosis is a reversible illness with kidney function recovering within one to two weeks, there are patients suffering from severe complications marked by sepsis and multi-organ failure that is exhibited by changes in sensorium, cardiovascular collapse, and bleeding diathesis.

NKTI examined the disastrous presentation of multi-organ failure and focused on its immune mechanism.

Leptospires cause the release of inflammatory mediators that result in leaky blood vessels.

The excessive host immune response ultimately leads to organ damage, which yields acute kidney injury, liver failure and pulmonary hemorrhage. The results require both dialysis and mechanical ventilation.

While traditional hemodialysis substitutes kidney function as the kidney heals, patients with cardiovascular collapse are unable to withstand the process in spite of blood pressure support.

To combat this, the hospital introduced Hemoperfusion, an extracorporeal blood purification modality that triumphantly takes away inflammatory mediators by adsorption to a sorbent material.

Removal of proinflammatory cytokines results in cardiovascular stability and cell responsiveness. Blood pressure is sustained, and dialysis can be effectively performed.

Lung injuries also improve. Because of this innovative treatment on a devastating disease causing multi-organ failure.

Hemoperfusion with the sepsis cartridge was performed on 20 leptospirosis patients experiencing kidney injury and lung failure, requiring dialysis and extracorporeal membrane oxygenation (ECMO) therapy.

Following hemoperfusion, all patients successfully underwent dialysis and no longer needed inotropic support. The patients had an 80 percent survival rate and were discharged with complete recovery of both renal and lung function.

Although pulmonary hemorrhage invariably results in 100% mortality, with ECMO and Hemoperfusion, only three patients died, proving that this combination leads to an impressive innovative treatment for leptospirosis with multi-organ failure.

Currently, the patients who were treated with Hemoperfusion and survived have returned to their normal productive lives and to their families.

In 2018, the Institute admitted 468 leptospirosis patients with 15 percent mortality rate while in 2019, the mortality rate declined to 13 percent among 252 leptospirosis patients.

These favorable results prompted NKTI to implement Hemoperfusion as standard protocol for multi-organ support for patients with severe sepsis due to leptospirosis.

The life-saving therapy is now being studied in other diseases with multi-organ failure.

The groundbreaking technology will make a huge impact in saving patients with devastating diseases.

That is how NKTI, with its exceptional reputation for providing world class healthcare, particularly in the prevention and treatment of renal diseases and well known in both the local and global scale, got 2020 Service Innovation of the Year Award.

Healthcare Asia Awards 2020 is a program that aims to honor hospitals and clinics that rise above challenges and recognize initiatives that made a remarkable and positive impact to their patients and the healthcare industry. **(NKTI)**

# Preso, dedo sa pneumonia

**NASAWI** ang isang 37-anyos na preso matapos na nahirapan sa paghinga habang nakakulong sa Gen. Mariano Alvarez (GMA) Custodial Center, ang pang-apat sa bilang ng mga namamatay na bilanggo sa Cavite sa taon kasalukuyan.

Sa ulat ni PMSgt Jonarey Viray, ng GMA Municpal Police Station, si Michael Dreu, may-asawa, ng Phase 2 Holiday Homes, Brgy Biclatan, Gen Trias City ay unang isinugod sa De La Salle University Medical Center sa Dasmarinas City Cavite matapos na nakaramdam ng hirap sa paghinga habang nakakulong sa GMA Custodial Center, subalit tinanggihan ito dahil umano sa puno ng pasyente kaya isinugod siya sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital sa Trece Martires City subalit hindi na ito umabot ng buhay.

Ang labi ni Dreu ay kasalukuyang inilagak sa morgue ng nasabing ospital at sumailalim sa swab testing bilang Standard Operation Procedure (SOP) ng ospital dahil sa COVID 19 kung saan pneumonia ang sinasabing sanhi ng kanyang pagkamatay.

Si Dreu ay naaresto at nakulong noong February 25, 2020 sa isang buy bust operation sa Governor's Drive Brgy Gavino Maderan, GMA kung saan tinatayang 100 gramo ng shabu na may street value na P680,000.

Tanging si Dreu ang naaresto habang ang mga kasamahan nito ay nakatakas.

Si Dreu ang pang-apat sa bilang ng mga namatay na preso sa Cavite, kung saan unang namatay si Jury Lagbo noong February 23 sa Bacoor City Custodial Center habang nito lamang April 19 ay naitalang namatay naman sina Cesar Veluz Javier, ng Kawit Custodial Center; at Marthy Casalme, ng Silang Custodial Center na pawang may kasong paglabag sa droga. **GENE ADSUARA**

# Customs Clark Expedites the Release of COVID-19 Laboratory Equipment from China

THE Bureau of Customs-Port of Clark expedited the release of US$2.5-M worth of BGI laboratory equipment from Shenzhen, China secured by the government through a grant assistance from the Asian Development Bank to strengthen the COVID 19 testing capacity of the country.

BOC-Clark personnel led by District Collector Atty. Ruby Claudia Alameda facilitated the arrival, unloading and the necessary examination of the cargoes after formally receiving information that the Philippine Air Force C130 plane loaded with the said equipment will arrive at Clark terminal. The aircraft arrived , April 22, 2020 at Haribon, Air Force City at 2:36 am.

The laboratory equipment consisting of Water Purification System, Fluorescent Quantitative Detection System, Real-time Fluorescent PCR Kit, and other medical devices were imported from Wuhan BGI Clinical Laboratory Limited Company to the Department of Health to aid in the country's fight against COVID-19.

According to the Department of Health, said laboratory equipment can be set up in 7-10 days and can do up to 45,000 tests.

The Port of Clark assures the public that all medical supplies and equipment arriving in their terminal will be expeditiously released while maintaining compliance with customs rules and regulations.



**PINIPIRMAHAN** ang form ng isa sa mga benepisaryo sa tinanggap na halagang P8,000 na ayuda ng gobyerno sa panahong ito ng COVID-19. Nagpapasalamat ang mga residente ng Baclaran, Paranaque City kay Pangulong Rodrigo Duterte na napabilang at nakatanggap ng naturang halaga sa pamamagitan ng social amelioration sa ilalim ng DSWD. Maayos ang ginawang pamamahagi ng ayuda na inasistihan ng CSWDO, staff ng Barangay Baclaran at mga tauhan ng PCP-1 na ginanap sa Baclaran Elem. School Central covered court nitong April 23. **(JIMMY HAO)**

# SM CITY BACOOR, SM CITY MOLINO AND SM CENTER IMUS,

## NOW OFFERING TAKE-OUT AND DELIVERY!

Mabuhay, Cavite! Join our Viber Community for the latest updates on take-out, delivery and promos at SM malls in Cavite. You may now see the latest updates from SM City Bacoor, SM City Molino and SM Center Imus just in a few clicks. Have an access to the open stores from your favorite SM Cavite Malls today! Click this link to know more: https://bit.ly/SMSupermallsCavite




# CLEANING AND PAMPERING YOUR HANDS WITH THE BODY SHOP

As communities around the world struggle with COVID-19, hand washing is consistently mentioned - even by World Health Organization guidelines - as one way to keep ourselves not only clean but safe and healthy.

Constantly washing our hands though comes at a price resulting in dry skin. Excessive washing can strip hands of moisture leaving your skin feeling dry and tight.

The good news is that The Body Shop has a range of moisturizing hand wash is the perfect addition to your bathroom and as protection to harmful bacteria. These 100% vegan hand washes lather up instantly and provide extra moisture whilst keeping hands clean and fresh. Here's how you can pamper your hands from The Body Shop.


Cleanse and pamper your hands with The Body Shop's moisturizing Hand Wash collection.

***** Drench your hands with the dewy scent of roses with British Rose Hand Wash that leaves your skin feeling fresh and smelling florally fresh infused with the essence of Community Trade handpicked roses from England and Community Trade organic cane sugar from Paraguay.

***** The conditioning and purifying properties of Tea Tree Hand Wash will help hands wash away bacteria and feel squeaky clean. This refreshing hand wash is enriched with Community Trade tea tree oil from Kenya.


***** Get an uplifting burst every time you wash your hands with Pink Grapefruit Hand Wash. Wake up your senses with its zesty citrus scent that leaves skin cleansed and smelling irresistible enriched with Community Trade sugar from Paraguay.

For best results, simply follow along with the 10 steps for washing your hands the right way with The Body Shop's Hand Wash range:

1. First, wet your hands with warm water.
2. Apply 1-2 pumps of soap to cover your hands.
3. Lather up by rubbing the palms of your hands together.
4. Use the palm of one hand to rub the back of the other and clean in between the fingers. Repeat on the other hand.
5. Rub your hands together making sure you clean in between your fingers.
6. Rub the back of your fingers against your palms on both hand.
7. Don't forget your thumbs. Rub each one using your other hand.
8. Rub the tips of your fingers on the palm of your other hand.
9. Rinse your hands with running water.
10. Dry your hands completely with a clean towel.

Join The Body Shop in lathering up to prevent and fight harmful bacteria and viruses. The Body Shop's Hand Wash collection is available in all The Body Shop stores. The Body Shop now accepts SM Advantage Card for points earning and redemption, SM and Sodexo premium pass in all The Body Shop stores nationwide.

The Body Shop self-care essentials are now available on Lazada, Shopee under The SM Store as well as ShopSM.


It is recommended to wash your hands for 20 seconds to effectively reduce the build-up of bacteria on your hands.

### About The Body Shop

The Body Shop was founded in 1976 by Dame Anita Roddick in Little Hampton, England. The beauty brand pioneered corporate activism and was built on a philosophy that business can be a force for good. With its brand expression, Beauty with Heart, the company continues to be focused on five core values: Against Animal Testing, Support Community Fair Trade, Activate Self Esteem, Defend Human Rights and Protect The Planet.

All products are created using the finest ingredients sourced from the four corners of the globe, which are not tested on animals and are 100% vegetarian. The Body Shop has been in the Philippine market for eighteen years with over 55 strategically located stores nationwide.

## SM CITY BACOOR

TAKE-OUT, DELIVERY & PROMOS

UPDATED AS OF APRIL 27

**SM SUPERMARKET**
417-2796
9:00 AM-6:00 PM

**CHINABANK**
417-0572
10:00 AM - 2:00 PM
*Closed every Tuesday, Thursday to Sunday*

**BDO**
970-5700/ 417-7719
10:00 AM - 2:00 PM
*Closed on weekends*

**WATSON UGF**
417-2400
11:00 AM - 7:00 PM

**BILLS PAYMENT**
10:00 AM - 5:00 PM
*Closed every Thursday and Sunday*

**LBC**
435-0740
10:00 AM - 5:00 PM

### TAKE-OUT & DELIVERY

**TOKYO TOKYO**
(046) 417-8474
(0917) 847 8859
9:00 AM - 5:00 PM

**CONTI'S BAKESHOP & RESTAURANT**
(046) 683 0206
(0917) 639 4861
10:00 AM - 5:00 PM

**PIZZA HUT**
(046) 416 3861
10:00 AM - 5:00 PM

**BOTEJYU**
(046) 519 7508
(0917) 130 4304
9:00 - 6:00 PM

**KFC**
DELIVERY: GRAB FOOD
10:00 AM - 5:00 PM

**CHOWKING**
(046) 436 2789
10:00 - 5:00 PM

**MAX'S RESTAURANT**
(0998) 960 4011/(0921) 097 308
(0908) 702 3203 / (046) 970-5634
(047) 4106 3373
10:00 AM - 5:00 PM

**CLASSIC SAVORY**
8417-2223
0917-874-4065
10:00AM - 5:00PM

**PANCAKE HOUSE**
416-9999 / 436-2309
0918 807 3590 / 0918 803 8306
11:00 AM - 4:00 PM

### FOOD TAKE-OUT

**RED RIBBON**
10:00 AM - 5:00 PM

**WENDY'S**
0905 833 6918
10:00 AM- 5:00 PM
*Closed every Sunday*

**FRENCH BAKER**
10:00AM - 5:00PM

### SM CAVITE COMMUNITY RIDERS

**CZEDRICK** 0908-252-4338
**ALEJANDRO** 0946-756-4447
**ROMEO** 0918-223-9864
**CLARK** 0966-583-9407
**ELPIDIO** 0933-470-1045
**PRINCETON** 0998-936-6198
**CHRISTIAN** 0965-237-1160
**MICHAEL** 0950-302-0683
**HARROLD** 0927-051-9613/0955-088-3105
**JOSHUA** 0950-236-3590/0909-692-6983

## SM CENTER IMUS

TAKE-OUT, DELIVERY & PROMOS

UPDATED AS OF APRIL 27

**SUPERMARKET**
Daily: 9:00 AM - 6:00 PM

**ALFAMART**
Daily: 9:00 AM - 5:00 PM

**LBC**
Daily: 10:00 AM -5:00PM

**WATSONS**
Daily: 10:00 AM - 6:00 PM

**BDO**
Open: Monday-Friday
10:00 AM - 2:00 PM

### TAKE-OUT & DELIVERY

**MC DONALDS**
Drive Thru
Daily: 7AM - 5PM
Take-out & Delivery
Daily: 10:00AM-5PM

**I LOVE MILKTEA**
Take-out & Delivery
Daily: 10:00AM - 6:00PM

### SM CAVITE COMMUNITY RIDERS

**JOVITO** 0932-682-0252
**JOHN PAUL** 0997-729-9499
**ROGER** 0915-657-9237
**DEXTER** 0995-173-3674
**JAYSON** 0956-742-7181
**JOHN PATRICK** 0916-340-8460
**SERAFIN** 0910-581-8596
**ERICSON** 0938-380-6973
**JOHN MICHELLE** 0923-940-2481

## SM CITY MOLINO

TAKE-OUT, DELIVERY & PROMOS

UPDATED AS OF APRIL 27

**SM HYPERMARKET, GF**
(02) 8843- 2125
Daily: 9AM-6 PM

**WATSONS, GF**
046) 474-3022
Daily: 11AM - 6M

**LBC, 2F**
0917 855 7523
MON to SAT ONLY: 11AM-5PM

**BILLS PAYMENT**
(inside SM Hypermarket)
MON - SAT ONLY: 10AM - 5PM
*Accepts cash payment only

**BDO**
(046) 474-3041-45
MON to FRI ONLY: 10AM-2PM

### FOOD TAKE-OUT

**TOKYO TOKYO, GF**
0917 873 7757
Daily: 10AM -5PM

**KFC, GF**
(046) 474 3188
Daily: 10AM-5PM

**GREENWICH, GF**
(046) 519 3983 / 481 6903
Daily: 9AM -5PM

**S & R PIZZA, GF**
(046) 519 1780
Daily: 11AM - 5PM

**CHOWKING, GF**
(046) 434 5155
Daily: 10AM - 5PM

**PIZZA HUT, GF**
(046) 484 4760
Daily:: 11AM - 6PM

**GOLDILOCKS, GF**
(046) 474-3088
Daily: 10AM - 5PM

**SERENITEA, GF**
(046) 519-0502
MON to SAT ONLY: 10AM-5PM

**BIBINGKINITAN, GF**
MON to SAT: 9AM - 5PM

**MANG INASAL**
0920-919-0189/ 0932-247-2648
Daily: 9AM - 4PM
Delivery via **GRABFOOD** only

**KENNY ROGERS, GF**
0917 597 3857
Daily: 9:00AM-5PM
Delivery via **GRABFOOD** only

**CLASSIC SAVORY**
(046) 435 6843
Daily: 10AM - 5PM
*Delivery via Grabfood & FoodPanda only*

**MAX'S RESTAURANT, GF**
(046) 474 3183
Daily: 10AM - 4PM

### TAKE-OUT, PICK-UP & DELIVERY

**PANCAKE HOUSE, GF**
0920 919 0189/ 0932-247-2648
Daily: 10AM - 5PM
For take-out & store pick-up: 0998 588 1981/(046) 436 0418
For delivery: (046) 416-9999 and via GrabFood

### SM CAVITE COMMUNITY RIDERS

**JAYSON** 0926 387 7090
**ROMAN** 0905 334 5975
**JOBHIE** 0917 995 1637
**ARISTOTLE** 0916 282 3651
**LIDAN** 0965 297 9607
**JEFFERSON** 0965 546 4888
**JOMHEL** 0918 543 7802
**CADEL** 0966 139 4379
**RENE** 0997 852 4767
**GILES** 0916 303 4992
**JHON** 0938 724 8468
**ALVIN** 0905 136 2021
**DENNIS** 0948 408 1119
**ARVIN** 0917 968 1985
**GERRY** 0947 391 4124

## SM CENTER DASMARIÑAS

TAKE-OUT, DELIVERY & PROMOS

UPDATED AS OF APRIL 27

**SM SUPERMARKET/ LGL**
Daily: 9:00 AM - 6:00 PM

**CHINA BANK/ LGL**
Tue & Thurs only 10AM - 2PM

**WATSONS/ LGL & UGL**
Daily: 9:00 AM - 5:00 PM

**PET EXPRESS/ LGL**
Call to order and pick up only
Daily: 10:00AM - 4PM

**BILLS PAYMENT/ LGL**
(Inside SM Supermall)
Mon to Fri 9AM - 4:30PM

### TAKE-OUT & DELIVERY

**GREENWICH/ UGL**
(046) 416 3122
Daily: 9AM - 4PM

**GOLDILOCKS/ UGL**
Daily: 9AM -5PM
Daily: 10:00AM-5PM

**MAX'S/ LEVEL 2**
(046) 432 3141-42
Daily: 9:00AM - 4:00PM

**THE FRENCH BAKER/ UGL**
9:30 AM - 5:00 PM

**BREADTALK/ UGL**
Daily: 9AM - 5PM

**JIM'S RECIPE/ LGL**
Daily: 8:30AM -3PM

**MACAO IMPERIAL TEA/ LGL**
Daily: 8:30AM - 4PM

**OISHII MAKI/ LGL**
Daily: 9AM - 5PM

**BOTEJYU/ UGL**
Daily: 9AM - 6PM

**SHAKEY'S/ UGL**
(046) 432-3145/ (046) 546-7777
#77-777
Daily: 9AM -4PM

### SM CAVITE COMMUNITY RIDERS

**JORDAN** 0977-802-7445
**RONALD** 0918-443-2746
**JOEL** 0916-705-2330
**DELLERA** 0951-669-0153
**JOHN** 0917-406-9277
**JOEL** 0942-818-6441
**JEFFREY** 0950-745-1774
**MANUEL** 0927-053-7220
**MARK** 0932-380-7349
**ALLAN** 0909-472-3930
**REYMARK** 0910-220-3800
**JOSE** 0947-216-7799
**JERICHO** 0966-588-4398
**JOSEPH** 0915-504-7146
**RUAN** 0945-130-1921
**GERARLD** 0943-919-3810
**EMMANUEL** 0926-367-3643
**CRISANTO** 0906-143-5730
**JOSE** 0975-247-9321

# PBA Ginebra point guard LA Tenorio bonding sa pamilya habang may ECQ

Pinag-iingat ng Barangay Ginebra na si LA Tenorio ang kanyang sarili mula sa pinahusay na quarantine sa pamayanan, habang patuloy na nagsusumikap siya upang manatili sa hugis habang gumugol din ng oras sa kanyang pamilya.

Sa isang pakikipag-usap kay Beau Belga sa "Extra Rice," inihayag ni Tenorio na ang oras kasama ang kanyang tatlong anak - sina Sion, Santi, at Lucas - ay isa sa mga pinakamahalaga habang may lockdown. "Hindi ko sinasabing okay ang mga nangyayari, ngunit pagdating ng normal na buhay natin, ma-miss natin 'to eh,' kasama natin ang mga anak natin," sabi ni Tenorio. "Nagkakaroon ng quality time talaga," paliwanag niya. "'Yun ang magandang nangyayari din talaga, positibo." Sinabi ni Djokovic na maaari niyang isaalang-alang ang kanyang pagbabakuna na paninindigan ni Tenorio ang mga hapon na nagsasagawa ng mga nakatakdang aktibidad sa kanyang mga anak, kahit na ang pagtuturo sa kanila sa kanilang gawain sa paaralan.

Kinuha din niya ang pagkakataon na turuan sila kung paano sumakay ng bisikleta, at siyempre, naglaan din sila ng oras upang maglaro ng basketball. "Hindi bababa sa, maaaring rutin ako," sabi ni Tenorio, sumusunod sa mga tagubilin ng kanyang personal na tagapagsanay. Ngunit mahal din ni Tenorio ang basketball. Siya at ang Gin Kings ay hindi pa nakapagpapasimula ng kanilang kampanya, dahil hindi rin sila naglalaro ng isang laro nang tumigil ang All-Filipino Cup dahil sa covid 19. "Pinaka nami-miss ko, siyempre normal na 'yung laro,' yung competitiveness ng bawat isang player, 'di ba," saad ni Tenorio, na tinaguriang "Iron Man." "Siguro, ang pinaka-nami-miss ko talaga ay 'yung maglaro sa arena na andoon' yung mga fans." Sinabi rin niya kay Belga na miss na niya ang paglalaro laban sa kanyang mga kaibigan sa ibang mga koponan, tulad ni Belga mismo. "'Yan ang nami-miss ko na nagkita tayo sa laro, nakukulitan," sabi ni Tenorio. "Habang naglalaro, nagga-gaguhan din." Si Tenorio at ang Gin Kings ay isa sa mga pinapaboran na koponan sa All-Filipino Cup, salamat sa kanilang kapansin-pansin na pagtakbo sa Governors 'Cup noong nakaraang taon kung saan muli silang nanalo ng titulo. Ang three-time Finals MVP ay walang lihim sa kanyang pagnanais na sa wakas ay manalo ng isang titulong All-Filipino, dahil lahat ng kanyang limang kampeonato ay dumating sa mga kumperensya ng import. "'Pag nakuha ang All-Filipino, ibang usapan," sabi ni Tenorio. kampeonato). Lahat-Pilipino lang din ay wala." "Yun talaga ang pinag-aagawan ng lahat," ang dagdag pa ni Tenorio.




**ILAN** sa mga maaksyong tagpo sa pagitan ng Talk N Text at Ginebra kung saan si LA Tenorio ng Ginebra ay todo sa depensa at na miss na nito ang aktuwal na laro. Dahil sa kasalukuyang Lockdown bunsod ng pandemic covid-19. **(RGN)**

# Pinapanatili ng PSC ang mga atleta na ligtas

Tiniyak ng Philippine Sports Commission (PSC) sa kalusugan at kaligtasan ng mga stranded na atleta sa loob ng tambalan ng Philsports kasunod ng desisyon ng pambansang pamahalaan na gawing isang paghihiwalay at pasilidad ng paggamot ng mga pasyente ng nobelang coronavirus.

Sinabi kamakailan ng PSC senior executive assistant na si Marc Velasco na naglalagay sila ng premium sa kalusugan ng mga pambansang miyembro ng koponan na nakatira sa Philsports kaya humingi sila ng mga alituntunin mula sa Department of Health (DoH) at Department of Public Works and Highways (DPWH) upang matiyak na sila ay hindi maaapektuhan.

Mayroong 39 atleta, coach, opisyal at PSC na empleyado na nanatili sa iba't ibang mga dormitoryo sa loob ng Philsports, kasama na ang mga taga-South Asian Games marathon champion na si Christine Hallasgo pati na rin ang iba pang mga miyembro ng athletics, boxing, fencing at magkakaibang abely team.

Ngunit nagpasya ang pambansang pamahalaan na gamitin ang Philsports Arena bilang lugar ng paggamot, na nagko-convert sa makasaysayang gymnasium sa isang 132-bed na pasilidad para sa kalusugan upang mapalakas ang paglaban ng gobyerno laban sa nakamamatay na sakit sa baga.

"Mayroong higit sa 30 mga atleta na nananatili doon. Ang ilan sa kanila ay mga empleyado, kawani at mga opisyal ng isport. Nakakuha kami ng katiyakan na hindi sila maaapektuhan, "sabi ni Velasco, na kumikilos din bilang pambansang direktor ng pagsasanay.

Sinabi ni Velasco na gumawa ng mga patnubay ang DoH upang matiyak na hindi maikalat ang pandemya sa compound.

Sinabi niya na bahagi ng plano ay ang paggamit ng magkahiwalay na ruta sa pagpasok at paglabas ng sports complex na matatagpuan sa gitna ng Pasig City. "Siyempre, dapat may mga hakbang sa kaligtasan ng mga atleta - at iyon ang ginagawa ng DoH at DPWH ngayon," aniya.

"Tiyak na hindi kami gumagamit ng access road sa Philsports. Gumagamit kami ng kalsada ng DepEd (Kagawaran ng Edukasyon) na papasok at palabas ng sports complex. "

Pinananatili ni Velasco na patuloy nilang sinusubaybayan ang lahat ng iba pang mga operasyon sa loob ng sports complex.

Sinabi niya na ang mga pangangailangan ng mga pambansang koponan sa loob ng lugar ay inaalagaan habang mahigpit na ipinagbabawal ang mga ito na lumabas sa labas ng kanilang mga dormitoryo.

"Ginagarantiyahan kami ng DoH at ang Inter-Agency Task Force sa kaligtasan ng aming mga atleta na natitira doon. Ang ilang mga kundisyon ay ipinataw doon. "

"Dagdag pa, mayroong ilang distansya sa pagitan ng pasilidad ng medikal at mga dormitoryo ng aming mga atleta."







# Atletang batang PH ay nagbigay ng allowance para sa mga relief goods

Isang batang atleta ng koponan ng Philippine Muay Thai ang nag-donate sa kanya ng isang buwang allowance mula sa Philippine Sports Commission (PSC) para sa pagbili ng mga relief goods para sa ilan sa mga mahihirap na pamilya ng lungsod.

Sinabi ni Islay Erika Bomogao na sa halip ay binigyan siya ng buwanang stipend upang makatulong sa mga pagsisikap ng kaluwagan ng kanyang ama sa konsehal - si Benny Bomogao.

Sinabi ng 18-taong-gulang na pilak na medalya sa ika-33 na Timog Silangang Asya (SEAG) na bibigyan din siya ng kanyang stipend sa darating na buwan para sa mga pagsusumikap sa kaluwagan.

"Ang unang batch (allowance) ay ginugol para sa 50 solo na magulang sa Barangay Dontogan, Green Valley dito," sabi ng isang halo ng Ingles at Ilocano.

Ang pack ng pagkain ay naglalaman ng gatas, asukal, de-latang kalakal, noodles, at bigas.

"Ang susunod na batch, mula sa aking papasok na allowance, ay gagamitin upang bumili ng parehong mga kalakal. Ngunit hindi pa rin natin alam kung sino ang magiging mga makikinabang. Magkita tayo, "aniya.

"Ngunit pagkatapos ay mapunta ito sa aking tatay," sinabi niya sa isang panayam

Ang batang Bomogao, na kamakailan ay nag-enrol sa Unibersidad ng Baguio para sa isang degree sa pagtuturo, ay sinabi na ang kanyang ama ang nagbigay ng inspirasyon sa kanya.

"Ibinigay ng tatay ko ang kanyang suweldo para sa isang buwan upang matulungan ang isang mahirap na kapwa mamamayan ng Baguio," sabi niya.

"Ipinangako niya ang kanyang suweldo habang humihingi ng tulong sa mga handog na nagbibigay. Kaya gusto kong tumulong at nagbigay ng allowance ko. Kahit sa anong paraan ay nakakuha ako ng maraming pagpapala noong nakaraang taon kaya naisip ko (na) ito ay isang magandang paraan ng pagbabahagi ng mga biyayang iyon, "aniya.

Sa wakas ay ginawa ito ni Bomogao sa pambansang koponan matapos na ang kanyang senior high.


Pagkatapos ay ipinadala sa Thailand para sa isang 45 araw na pagsasanay bago siya nakauwi upang makipagkumpetensya sa SEAG na nagho-host ng Pilipinas.

Ang kanyang mga pagsisikap ay nagbigay sa kanya ng isang medalya ng pilak na may karapatan sa kanya sa isang PHP300,000 insentibo mula sa PSC, maliban sa isang PHP25,000 Christmas bonus.

Karapat-dapat din siya sa isang gantimpalang cash na PHP20,000 mula sa lungsod.

"Inaasahan kong ito ay magbigay ng inspirasyon sa ibang mga atleta na maging mabait at tumulong," aniya.

Ilang 40 atleta ng Baguio ang nagwagi ng gintong medalya, pilak at tanso sa huling SEAG. Ang isang gintong medalya ay nakanet ng PHP750,000.



# HANEP SHOWBIZ

## 'PANIBAGONG LALAKI' SA BUHAY NI MAX COLLINS



**SUPER happy at very satisfied si Max Collins sa kanyang kasalukuyang lovelife.**

Mapalad kumbaga ang kanyang pagiging buhay pag-aasawa sa piling ng husband niyang si Pancho Magno.

Siyempre bilang kanyang mister ay si Pancho ang best guy o lalaki para sa aktres.

Kahit naman sinong misis ay proud sa kanilang hubby lalo kagaya ni Pancho na isang good provider.

Coming soon…nalalapit na at paparating na ang 'panibagong lalaki' sa buhay ni Max.

Yes and it's because buntis ang aktres para sa kanilang unang baby sa mister niyang si Pancho.

And as far as the news concern ay baby boy ang panganay na ipinagbubuntis ni Max.

Meaning ay 'panibagong lalaki' ang blessings kay Max bukod sa kanyang mister.

In short ay dalawang lalaki na ang pinakamahalagang biyaya para sa aktres.

Baka magkomento kayo, eh paano ang tatay o father ni Max since lalaki ito?

Iba naman po ang tungkol sa usaping ama o kahit sa mga brother, lolo o mga tiyuhin.

Anyway, congrats in advance kay Max sa kakaharaping buhay bilang isang nanay.

Batiin din natin si Max kaugnay ng kanyang 'food drive' sa panahong ito ng COVID-19.

Ang food drive ng aktres ay bilang tulong sa mga kababayan niya sa Boracay Island na naapektuhan ng krisis ngayon.

Mula sa matagal na paninirahan sa America at pagbalik ng Pilipinas ay nanirahan ang aktres sa Boracay.

Kaya naman nasa puso ni Max ang pinagdadaanan ngayong krisis ng mga nasa isla.

Talaga namang matindi ang hagupit ni COVID-19 sa industriya ng turismo.

Hindi naman kaila na ang Boracay Island ay isa sa mga sikat o kilalang tourist spot sa bansa.

Dahil nga sa hagupit ng epidemya kaya sobrang naapektuhan ang mga negosyo roon.

Nagpasalamat ang aktres sa daan-daang libong followers niya sa Instagram sa pagsuporta sa kanyang food drive.

Mabuhay ka Max at goodluck sa coming soon first baby boy ninyo ni Pancho.

@@@

**CHALLENGE NI BITUIN ESCALANTE?**



"Kung Ako Na Lang Sana," isa lamang ito sa mga pinasikat na kanta ni Bituin Escalante.

Pero teka, kabilang ka ba sa na-shock o nagulat sa bagong hairstyles ng singer?

Sa panahon ng lockdown ay naisipan ni Bituin na magpakalbo.

Itinuturing bilang 'low maintenance' ang dahilan ni Bituin.

Mukha yatang may challenge pa ang aktres sa mga kabaro niya sa industriya.

May panghihikayat si Bituin sa ilang aktres na gayahin ang kanyang ginawa.

O ano, dare ba!




**(9)**

**"OPO,** ako na ang bahala kay Mikel."

Nang makapaghapunan ay nagkuwentuhan muna ang maglola.

Ilang sandaling kuwentuhan ay nakaramdam na ang matanda ng pagkaantok.

"Sige po, ako na bahala sa apo ninyo. Good night po."

Tumugon si Lea sa bilin sa kanya ng lola ni Mikel.

Si Mikel naman ay tila nanliliit sa kanyang sarili dahil sa edad niyang iyon ay pinababantayan pa siya.

"Hayan ka na naman, masuwerte ka nga at sobra kang inaalala ng lola mo."

Napansin naman ni Lea ang pagbubuntong-hininga ni Mikel kaya nilapitan niya ang binata at kinausap.

"Alam ko naman 'yun eh, ginagawa lang ito ni lola para sa akin."

Nauunawan naman ni Mikel kaya nag-iisip siya ng paraan sa suliraning kinakaharap.

Nasa sala na rin si Lea at nakaupo pagkatapos makapagligpit at makapaghugas ng mga pinagkanan nila.

Natutuwa naman si Lea dahil nakikipagkuwentuhan na sa kanya si Mikel.

Hindi kagaya 'nung bagubago pa lamang siya na mailap si Mikel at tipin na tipid sa pagsasalita.

Siguro sa isip ni Lea ay dahil nagbinata na at lumalawak na ang kaisipan ni Mikel.

"Narito ako para bantayan ka, 'di para bantayan ang mga kinikilos mo kundi bantayan ka lamang sa pagtulog."

Palaging ipinauunawa ni Lea kay Mikel na naiintindihan niya ang kalagayan at sitwasyon ng binata.

"Kung inaantok ka na ay pumasok ka ng sa kwarto para makapagpahinga ka na."

"Isa pa ay maaga ang pasok mo bukas, dito muna ako pero sisilip-silipin kita."

Humihikab na si Mikel kaya sinabihan na siya ni Lea na matulog na.

Sa loob ng silid kahit ramdam na ang antok ay hirap naman makatulog si Mikel.

Nakatihaya sa pagkakahiga na nadiretso ang tingin sa itaas o sa kisame.

Naiwan naman si Lea sa sala at itinuloy ang panonood sa telebisyon.

"Oh my gosh…"

**(Itutuloy)**

# IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-56 labas)**

**BINULUNGAN** ni Jane si Bernard na kung maaaari ay maghanap ng gasoline station.

Sabi ni Jane ay may problema at nakisabay pa ang biglaang pananakit ng kanyang tiyan.

Nasa expressway sila at ang mga gasoline station at mga food chain ay kalimitang nasa papasok ng toll gate.

Masuwerte naman at hindi kalayuan ang gasoline station kaya kaagad na nagtanong si Bernard sa pump attendant kung available ang banyo.

Nang makababa si Jane ay naghanap ng maayos na mapaparadahan ng sasakyan si Bernard.

"Ano ba naman kasi ang kinain ng babaing 'to at ngayon pa sumakit ang tiyan."

Pabulung-bulong si Bernard sa loob ng sasakyan at nagsisimula na ang pagkainip.

Lagpas na kasi sa kinse minutos ang nakakalipas subalit hindi pa rin bumabalik si Jane.

Samantalang pagkababa ni Jane at pagkakuha ng susi sa counter ng gasolinahan ay nakapasok naman kaagad sa banyo.

Dalawa ang comfort room, nakabukod ang para sa lalaki at babae.

Mula sa parking lot kahit nasa loob ng kotse ay natatanaw ni Bernard ang comport room.

"Babae nga naman talaga oh, napakabagal kumilos, Ang dami kasing mga seremonyas eh."

Pinapawi na lamang ni Bernard ang sobrang pagkakainip sa pagbibigay ng konsiderasyon para sa isang babae.

Alam niya kasing sobrang tagal kung mag-asikaso ang isang babae.

Napatunayan na ni Bernard iyan kay Cecile kahit sa maigsing panahon na nakasama niya.

Aapurahin siya na kumilos at gumayak na subalit nakatapos na ay hindi pa rin tapos si Cecile.

"Mahal kita…basta mahal kita. Iniisip nila ay hindi mahalaga, mahal kita… maging sino ka man."

Medyo dinagdagan ni Bernard ang volume ng stereo sa loob ng kanyang sasakyan.

Minabuti na lamang na idaan sa pakikinig ng music habang naghihintay kay Jane.

"Sumunod ka lang at 'wag mag-iingay. Patayin mo 'yan…sabi ng patayin mo 'yan. 'Di ako mangingiming iputok sa 'yo ang baril na 'to kaya 'wag kang mag-iiskandalo."

**(Sundan)**

# DUMAGSA ANG LOVE LETTERS PARA SA COVID-19 PATIENTS NG BACOOR SA KANILANG MGA ISOLATION AT QUARANTINE AREAS

**BACOOR CITY--Noong Linggo ay nanawagan ang Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Bacoor sa mga kababayan nito na gumawa ng LOVE LETTERS para sa mga pasyente na may positibong kaso ng COVID-19.**

Sa loob lamang ng isang araw ay nakalikom ng daan-daang LOVE LETTERS para sa mga Bacooreño.

"Gusto nating iparamdam sa ating mga Covid-19 patients sa Bacoor na sa kabila ng kanilang pinagdadaanan, marami ang nagmamahal at nagmamalasakit sa kanila," pahayag ni Mayor Lani Mercado Revilla.

"Napakahirap ng kanilang kalagayan sa kanilang isolation rooms. Kaya naman minabuti naming ipadala sa kanila ang mga LOVE LETTERS ng mga kababayan nating mga Bacooreño na patuloy na nagdadasal para sa kanilang pag-galing," dagdag ni Mayor Revilla.

Sinusulat ito ay mayroong 63 kaso ng positive Covid-19 sa Lungsod.

Ang kalakhan dito ay mga nagtatrabaho sa NCR bilang mga health workers.

Kaya malaki ang tsansa na mahawahan sila sa lugar na kanilang pinagtatrabahuhan.

Hindi pa lumalabas ang resulta ng ginanap na mass testing kamakailan.

Umaasa ang mga mamamayan ng Bacoor na hindi na sana madagdagan ang positibong kaso sa lungsod.

"Kami ay nananawagan sa mga kababayan natin na makiisa sa mga hakbangin at panuntunan ng Lokal na Pamahalaan dahil para din ito sa ating kaligtasan. Maaaring magkaroon tayo ng ilang mga karagdagang paghihigpit sa mga barangay na may mataas na kaso ng Covid-19" pakiusap ni Mayor Lani sa mga taga-Bacoor.

"Halos puno na ang mga existing isolation and quarantine facilities natin. Ang Golden Oasys Hotel ay quarantine facilities para sa mga OFWs na umuuwi sa Baacoor. Ang Aliw Inn naman ay para sa mga suspected and probable patients," kwento ni Mayor Lani.

"Sa ngayon ay inaayos na natin ang additional isolation and quarantine facilities natin sa Southern Tagalog Regional Hospital na magkakaroon ng karagdagang 50 beds habang may 20 isolation rooms na gawa sa mga containers," dagdag ng alkalde.

Inaasahan na magkaroon ng dagdag na lakas na loob ang mga pasyente sa Lungsod dahil sa pagmamalakasakit hindi lamang ng Lokal na Pamahalaan pati na din ang kapwa nilang mga kababayang Bacooreño. **PR**




# Hontiveros: China should foot the Philippines' COVID-19 bill

SENATOR Risa Hontiveros on Wednesday demanded that the Chinese government should shoulder the costs of the Philippines' COVID-19 response, in reparation for the annual losses the country has incurred due to China's damage of reef ecosystems in the West Philippine Sea.

"China should foot the Philippines' COVID-19 bill. The destruction to our reefs in Scarborough Shoal and Spratly Islands is equivalent to at least PhP 33.1 billion in losses annually, on top of other economic and health costs. This money is past due and could go to government's efforts in fighting the pandemic," Hontiveros said, citing the breakdown of costs stated by the University of the Philippines' Marine Science Institute.

According to a report by the Asia-Pacific Maritime Security Strategy, China began reclaiming land in the West Philippine Sea in December 2013. "China has been damaging our ecosystems for over 6 years now, which means our losses could already amount to over 200 billion pesos. This money could be used to fund our health and economic plans as we transition to a new normal," the Senator said.

Hontiveros underscored that despite the pandemic, China has continued its land reclamation operations and illegal fishing activities in the West Philippine Sea, which means that the Philippines' losses will only continue to grow.

"The government already has a huge budget deficit because of COVID-19. China's ongoing disregard for our own resources will worsen our economic standing. The government should demand what is rightfully ours and use this to help the Filipino people battle COVID-19," she said.

On top of the money that could be collected from the West Philippine Sea damages, Hontiveros said that the government should also demand the PhP50 billion unpaid taxes from Philippine Offshore Gaming Operators (POGO).

"Again, this is money that should be used to strengthen our health system, to increase the aid given to low- and middle-income families, and to help us recover post-COVID," she said.

POGOs are non-essential to the economy

"POGOs are just not worth it," Hontiveros also declared, urging the government to reassess its statement on allowing POGOs to operate once the lockdown is lifted. "There are essential and non-essential industries under the Enhanced Community Quarantine. POGOs join a third category that we might call 'less than non-essential'," the Senator said.

POGOs early this year were the center of numerous investigations for involvement in various crimes. "Hindi na nga buo ang binabayad nilang tax, may korapsyon at sex trafficking pang pinapalaganap," she added.

Almost 2,000 foreign POGOs work without the required Alien Employment Permit, and around 4,000 have been discovered to use an identical Tax Identification Number (TIN), according to previous reports. Hontiveros also previously exposed the 'pastillas' scam within the Bureau of Immigration, allegedly offering VIP services to POGO workers entering the country.

The Senator said the government's hands are full containing the coronavirus pandemic. "The government should not open itself to other problems that POGOs bring," she said.

"It's high time we send POGOs home," Hontiveros urged.

# Bahay 'inaring' kanya ng construction worker

**FEELING** may-ari ng bahay, arestado ang isang 18-anyos na construction worker nang pinasok ang isang bakanteng bahay, natulog sa masters bedroom at kumain pero minalas nang dumating ang totoong may-ari ng bahay sa Silang, Cavite.

Kasong Qualified Trespass to dwelling at malicious Mischief ang isinampa laban kay Roderick Almoajele, binata, ng Camella Alta, Brgy Biga 1, Silang, dahil sa reklamo ni Mailene Aroyyo, 42, may-asawa, ng Camella Alta, Brgy Biga 1, Silang.

Sa ulat ni PSSgt Aries Mendoza, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-5:30 ng hapon nang bitbitin ng mga operatiba ng Silang MPS ang suspek nang naaktuhan ng mag-asawang Arroyo na nasa loob ng kanilang bahay.

Nauna rito, bago nagsimula ang ipinapatupad na Enhance Community Quarantine (ECQ) ay hindi na nakabalik sa kanilang bahay ang mag-asawa hanggang sa naisipan nilang bumisita.

Gayunman, nabigla sila sa kanilang pagdating nang napuna na sira ang padlock sa likurang bahagi ng bahay.

Lalo pang nabigla nang umakyat sila sa kanilang masters bedroom dahil nadatnan ang suspek na natutulog at walang saplot pang-itaas.

Dahil dito, agad na humingi ng tulong ang mag-asawa sa mga guwardiya ng subdibisyon kung saan inaresto ang suspek.

Ayon kay Mendoza, bukod sa pagtulog ng suspek sa Master's bedroom ng ilang araw ay nagluluto pa ang suspek ng mga naiwang pagkain sa bahay.

Ang suspek ay nakakulong sa Silang Custodial Center. GENE **ADSUARA**

# PLM Admission Test results released

THE Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) released the partial results of the PLM Admission Test (PLMAT) for Academic Year 2020-2021 at its website, plm.edu.ph.

The PLMAT is a four-hour examination consisting of sub-tests in English, Science, Mathematics, Filipino and Abstract Reasoning. It is conducted annually to screen applicants who would like to enroll in undergraduate programs at PLM. Passing the PLMAT is a requirement for admission to PLM.

This year, PLM introduced four innovations in the application process and conduct of exams to make it more convenient for applicants than before. These are the (1) online application and submission of documents, which enabled applicants to continue submission even during the Enhanced Community Quarantine period; (2) the online interactive PLMAT reviewer; (3) conduct of same-day or walk-in exams, and (4) conduct of PLMAT at four testing centers (public high schools in Manila) that brought the test closer to the applicants.

The entrance test was conducted in several batches from November 2019 to March 2020, with applicants coming from as far as Visayas and Mindanao. The last two PLMAT batches scheduled for March 15 and 22 were cancelled due to the implementation of the Luzon-wide Enhanced Community Quarantine, which is part of the government's response to the COVID-19 pandemic. The new schedule will be announced soon after the resumption of work at the university.

The release of PLMAT results was initially set on April 15, but it was rescheduled a week later due to suspension of work and transactions at the university brought about by the ongoing community quarantine.

As a public university, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila offers tuition-free education to undergraduate students, pursuant to the Republic Act 10931 or "Universal Access to Quality Tertiary Education Act".

PLM is known for producing board topnotchers, competent and socially responsible graduates, and consistently high passing rates in board exams. The list of PLMAT passers is now available at plm.edu.ph.

PLM is a premier university that has produced graduates who have contributed to nation-building since 1965. For more info, visit plm.edu.ph. **(leonard basilio)**

# Pipe fitter, lumagpak mula sa ikalawang palapag

**NASAWI** ang 31-anyos na pipe fitter nang nahulog mula sa 2nd floor ng isang nakabukas na elevator passage sa ginagawang gusali sa Trece Martires City , Cavite.

Isinugod pa sa Gen Emilo Aguinaldo Hospital ang biktimang si Eric Jasareno, ng 8a Fire Saftey Consltant Engineering Corp, hiwalay sa asawa at residente ng Brgy Balagbag Mahabang kahoy Lejos, Indang Cavite.

Sa ulat ni PMSgt Romeo Damance, ng Indang Municpal Police Station, dakong alas-9:00 ng umaga nang naganap ang insidente sa isang construction site sa ginagawang 3-story building sa Purok 2, Brgy San Agustin.

Nauna rito, nagbibilang umano ang biktima sa 2nd floor ng building kung ilang pipe ang ikakabit para sa i-install na water sprinkler at habang nakatingalang naglalakad ay hindi nito napansin na nakarating na ito sa isang nakabukas na elevator passage na hindi pa natapos kaya nadulas at dire-diretso nahulog sa ibaba.

Isinugod pa ang biktima s a ospital subalit idineklara itong dead on arrival.

Ayon kay Damance, sasagutin ng kumpanyang pinapasukan nito ang mga gastusin sa biktima gayundin ang assistance na ibibigay sa limang anak nito na naiwan. **GENE ADSUARA**

# BINATILYO, INUTO PARA MAGNAKAW

**ARESTADO ang apat na kalalakihan at isang menor de edad matapos silang inguso ng huli na kinasangkapan siyang gawin ang krimen at tumangay ng mahigit P10K cash sa Gen Trias City, Cavite.**

Nakakulong sa Gen. Trias City Custodial Center ang mga suspek na sina William Bondal, 44; Justine Zame, 18; at Chester Bobadilla, 18; habang nasa kustodiya ng Department of Social Welfare Development (DSWD) si alias Boy Ashley, 13, pawang residente ng Brgy Sta Clara Gen. Trias City, dahil sa reklamo ni Girlie Sape, 50, may-asawa, negosyante, ng 129 Brgy Sta Clara, Gen Trias City.

Sa salaysay ng biktima sa Gen Trias City Police Station, dakong alas-2:00 Huwebes ng hapon nang napansin nito na nawawala ang mga coins sa loob ng kanyang tindahan sa Brgy Sta Clara na umabot sa P1,200.

Nawawala rin sa loob ng kanyang tinadahan ang sampung pakete ng sigarilyo na umabot sa P720, isang BDO ATM at peso bills na umabot sa mahigit na P10,000.

Nang rebyuhin ang Closed Circuit Television (CCTV) na nakakabit sa loob, dito nalaman na pinasok ang tindahan ng binatilyong si Boy Ashley saka tinangay ang nasabing pera.

Ipinaalam ito sa barangay kung saan nagsagawa ng follow up opration sina Barangay Tanod Carlito Pagkaliwangan at Andrei Ronquillo kung saan inimbitahan nila si Boy Ashley.

Matapos na ipakita ang CCTV footages, hindi na nakatanggi ang binatilyo at inginuso ang mga kasama na siyang nag-udyok sa kanya upang magnakaw.

Unang naaresto si Justine kung saan narekober ang ilang kaha ng sigarilyo sa kanyang bagpack bago ang dalawa pa niyang kasama. **GENE ADUARA**




## MAGANDANG SALIDA NI MURIKA

Nagwagi ang bagong imported na kabayo na mula sa bansang Amerika na si Murika na ginabayan ng hineteng si Deo Fernandez sa pakarerang ginanap noong nakaraan sa pista ng Santa Ana Park sa Naic, Cavite. Sa largahan ay maganda ang naging salida ni Murika, sabay arangkada naman ang kanilang mga kalaban na pawang may natural na ayre sa alisan na sina Iikot Lang, Don Albertini at Magic Blast kaya naiwan sina Deo sa ika-apat na posisyon habang nasa likuran naman ang dalawa pang kalahok na kabayo na sina Courageous at Dream Lover. Papasok sa 800 meters ay nagsimula ng hingan ni Deo si Murika at agarang namang nagresponde si kabayo mula sa ika-apat na puwesto ay nagdire- diretso ang kanilang pag remate kaya inisa-isa na nila ang tatlong katunggali na nasa unahan hanggang sa tuluyang makapantay sa bumanderang si Magic Blast pagdating sa may 600 meters. Sa pagkakataong iyon ay halos nagkapanabayan na silang dalawa, ngunit dahil sa bilis ng pagkaripas ni Murika ay unti- unti na nilang iniwanan ang nakadama na ng pagod na si Magic Blast. Pagpasok sa huling 200 metro ng takbuhan ay may tatlong kabayong layo na si Murika sa harapan hanggang sa tapusin na ang labanan. Sumegunda sa datingan ang may malakas na remate na si Courageous kasunod sina Don Albertini, Iikot Lang, Magic Blast at Dream Lover. Nakapagtala ang pakarerang iyan ng mainam na tiyempo na 1:16.0 (07'-21'-22'-24') para sa distansiyang 1,300 meters.

# Kapitana,kalaboso sa 'bato'

**KALABOSO** ang barangay chairwoman at isang kasama makaraang marekober ang mahigit P2 milyong halaga ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy bust operation sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong paglabag sa Sec 5 in relation to Sec 26 at 11 Article 11 ng RA 9165 at RA 10591 ("Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act") ang kinakaharap ni Papaladun Guinungco, 48, may-asawa, kapitana ng Brgy Datu Esmael at residente ng Block 28 Lot 13, Brgy Datu Esmael, Dasmarinas City; at Macapado Guinungco, alias Mike, 65, kapwa tubong Lanao Del Sur, at ng nasabi ring lugar.

Sa ulat ni PSSgt Kristian Vega, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-3:30 ng hapon ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Dasmarinas CPS, sa pangunguna ng hepe ng pulisya na si PLtCol Richard Ian Ang, at Drug Enforcement Team sa pamumuno ni LtCol Christopher Guste kasama ang PDEA Cavite sa naturang barangay kung saan target ang mga suspek.

Sa isinagawang transaksiyon, nakabili ang poseur buyer mula sa dalawang suspek ng tinatayang 5 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P12,000.

Dito na ikinasa ng mga operatiba ang operasyon na nagresulta sa pagkakaaresto sa dalawa at narekober ang buy bust money, kalibre 45 na baril at mga bala.

Bukod sa nakuhang 5 gramo ng shabu, narekober din kay Brgy Chairwoman ang tinatayang 300 gramo ng shabu na may street value na P2,580,000.

Ang mga suspek ay nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# Granada, natagpuan ng bata

**HINIHINALANG** laruan, inuwi ng bata ang isang granadang natagpuan sa bakanteng lote sa Indang, Cavite.

Sa report ni Corporal Jimver Zorenne Dimapilis, ng Indang Municipal Police Station, dakong alas-9:00 Huwebes ng umaga nang natagpuan ng isang di nakilalang bata ang isang PRB 423 Hand Grenade sa isang bakanteng lote malapit sa ilog sa Brgy Bancod ng naturang bayan.

Ayon kay Dimapilis, inuwi umano ng bata ang nasabing granada sa pag-aakalang laruan ito pero nakita umano ito ng kanyang ama kaya dinala kay Barangay Chairman Joselita Atas na siyang nag-report sa pulisya.

Agad namang rumesponde ang mga operatiba ng Explosive and Ordance Division (EOD)-K9 ng Indang MPS kung saan dinala sa kanilang kustodiya ang granada.

Sinabi pa ni Dimapilis na dating nakabaon ang nasabing granada at mayroon pa itong pin at may kakayahan pang pumutok at makapinsala.

Ang PRB 423 ay gawang Belguim, mayroong bigat na 60g at may lawak na hanggang 30 metro ang layo ng pagsabog nito. **GENE ADSUARA**



**HAYOP** man kapag nagutom ay gagawa ng paraan katulad ng asong ito na pilit na hinahalukay ang mga basura makakita lamang ng makakain sa kanto ng Kalayaan at Centennial Road, Kawit, Cavite. **ROMY SANTOS**

# Darul Ifta announces start of Ramadhan on April 24

**COTABATO CITY** – The Darul Ifta, the highest Islamic religious authority in the country, announced here that the fasting month of Ramadhan officially begins on Friday, April 24, after several moon sighting teams failed to see the crescent moon on Wednesday evening.

Members of Darul Ifta held moon sighting in various parts of the Bangsamoro region Wednesday to determine the official beginning of the fasting month of Ramadhan.

"By the authority vested in me as grand mufti in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), I hereby declare that we shall start the fasting month of Ramadhan on Friday, April 24," Abuhuraira Udasan, grand mufti (the titular head of the Muslim community) in the BARMM and head of Darul Ifta (Islamic House of Opinion), said Wednesday evening.

"The moon sighting teams failed to see the crescent moon tonight, so automatically fasting begins on Friday," Udasan said. He admitted that Muslims are facing a huge challenge due to the 2019 coronavirus disease (Covid-19) pandemic.

The Ramadhan observance is seen as more challenging this year with the whole country and the rest of the world fighting the Covid-19 pandemic, resulting in lockdown measures that have severely restricted the movement of people.

For instance, some religious scholars pointed out that difficulty in buying food for the breaking of the fast at dawn because of the existing lockdown measures.

Ustadz Abuhalil Upam, an Islamic preacher based here, said Islamic scholars believed this year's fasting requires more sacrifices due to the pandemic.

The fasting month is the 9th and most sacred month of the Islamic calendar.

Fasting is one of the five pillars of Islam and obligatory for Muslims all over the world. It is also one of the most important festivals in the Islamic calendar.

Udasan said the Darul Ifta has canceled all Islamic religious gatherings, including the temporary suspension of the congregational "Taraweeh" prayers in mosques due to the Covid-19 onslaught. **(PNA)**



**TINANGGAL** na ni Mayor Angelo Emilio Aguinaldo ang total lockdown sa Barangay Toclong sa Kawit, Cavite. Kuha ito nitong Abril 24 na ayon sa mga nagbabantay sa barikada na mga kawani ng Kawit LGU ay marami rin ang nagpupumilit makalabas na residente sa panahong nasa total lockdown ang naturang barangay subalit mahigpit nilang ipinatupad ang kautusan ni Mayor Aguinaldo. Dahil lifted na ang total lockdown, anila ay mga tauhan na ng barangay ang magmamando sa barikada. **ROMY SANTOS**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

## Pati mga kasama…

# BABAING LIDER NG DROGA, DINAKMA

**SWAK sa kulungan ang babaing lider ng droga pati ang mga kasama nito sa isingawang buy bust operation na nagresulta sa pagkakarekoebr ng tinatayang P.8 milyong halaga ng shabu sa Dasmarinas City, Cavite.**

Kasong paglabag sa RA 9165 at RA 10591 (Illegal possession of firearm and ammunition) ang isinampa laban sa mga suspek na sina Emma Ilano, 48, may-asawa, ng Blk 1 Lt 1, Brgy Victoria Reyes; Bernadette Anaya, 41, ng Blk C12 Lt 18, Brgy San Simon; EJ Ontawar, 18, estudyante, ng Blk 1 Lt 1, Brgy Victoria Reyes; Charlito Maestre, 18, ng Blk 150 Lt 4, Brgy Victoria Reyes; Wilfredo Maloon, 41, ng Blk 209 Ex Lt, Brgy Paliparan 3; Jerald Kieth Almazol, 23, ng Blk 38 Lt 41, Brgy Victoria Reyes; at ang menor de edad na itinago sa pangalang Jeanne, 17, ng Brgy San Simon, pawang sa Dasmarinas City.

Sa ulat ni Corporal Lorenzo Cawalig, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-2:30 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation sa pamumuno nina PLtCoronel Richard Ian Ang, hepe ng Dasmarinas CPS at LtCoronel Cristopher Guste, hepe ng PIB, kasama ang mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit (DEU sa Brgy Victoria Reyes, kung saan target si Ilano na nagresulta sa pagkakaaresto nito at mga kasama.

Narekober sa nasabing operasyon ang tinatayang 125 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P850,000, kalibre 38 na baril, mga bala, buy bust money, isang Mitsubishi Mirage na may plakang ABG 8240 at Toyota Fortuner (NQP 518).

Nabatid na si Emma ay ang umano'y lider ng Ilano Drug Gropu na nasa ilalim ng Regional Priority List.

Ang mga naarestong suspek ay pawang nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center bukod kay Jeanne na nasa pangangalaga ng Department of Social Welfare Development (DSWD) dahil sa pagiging menor de edad. **GENE ADSUARA**



**MAGING** ang mga naninirahan sa subdivision ay kabilang sa relief goods na ipinamahagi kamakailan ng Barangay San Sebastian, Kawit, Cavite sa liderato ni Chairman Dave Lontoc. **J. BILLONES**




**TAO** na lamang ang maaaring makadaan sa barikadang ito na nasasakupan ng Barangay San Jose 2, Noveleta, Cavite. Ang mga nagbabantay ay tinitiyak na lehitimong residente lamang ang makakaraan o makakapasok. **ROMY SANTOS**




**AKTIBO** sa pagpapatupad ng mahigpit subalit maayos na checkpoint ang pamunuan ng Manila Police District sa mga lansangan sa Maynila. Kuha ito sa area ng Plaza Sta Cruz. **CHRISTIAN HERAMIS**




## Nagpositibo pagkatapos bigla nagnegatibo at gumaling…ano ba talaga, may lunas o gamot ba ang COVID-19?

**PAGKATAPOS** ng anunsuyo ni Pangulong Rodrigo Duterte nitong umaga ng Abril 24 para sa muling pagpapalawig ng enhanced communit quarantine sa National Capital Region at sa iba pang ikinokonsiderang high risk places ay sinimulan ko na ang pagtipa ng pitak na ito.

Wala pa ang anunsuyo ay ramdam ko na muling palalawigin ang ECQ.

Kagaya noong una ay ganoon din ang aking pakiramdam na ang ECQ ay madudugtungan pa.

Tama ang aking pakiwari, aabot hanggang Abril 30 at heto na naman ngayon at hanggang Mayo 15.

Umaasa lang ako noon na pagkatapos ihayag ni Duterte na ang ECQ ay aabot hanggang Abril 30 ay magkakaroon ng direktiba mula sa pamahalaan para papaghandain ang publiko na magimbak ng pagkain at iba pang pangangailangan.

Kasunod ang inaasahan kong iaanunsuyo ng gobyerno ay isasagawa ang total lockdown mula Abril 15 hanggang Abril 30.

Walang labasan talaga lahat ay mananatili sa loob ng bahay, mahirap o mayaman, sa loob ng dalawang linggo.

Hinto o sarado ang lahat ng palengke at iba pang establisiyimento maliban lamang sa medikal na pangangailangan.

Ang tanging makakalabas lamang ay ang mga health worker, pulis, sundalo at ibang karapat-dapat.

Pero hindi nangyari ang sana ay inaasahan kong total lockdown.

Sa ikalawang pagkakataon ay extension na naman ang ECQ hanggang Mayo 15.

Pananaw ko, kung ganito pa rin ang sitwasyon ay parang nararamdaman ko na naman na tila magkakaroon ng third wave of extension.

Sana naman ay huwag pero mistulang nalalapit sa katotohanan.

Bakit? Kasi ay lantad ang maraming tao sa labas o lansangan.

Hindi ba maaaring gawin ng pamahalaan ay ikulong talaga sa loob ng dalawang linggo ang mga tao sa loob ng kani-kanilang bahay? Tanong lamang po.

Sisigaw at aalma ang sinasabing poorest of the poor… ibinigay naman ng pamahalaan ang ayuda maging ng mga local government unit hanggang sa barangay.

Lugmok na rin ang tinatawag na mga nasa middle class bagkus ay nababaon na rin sa utang kaya dapat ay pag-ukulan din ng pansin ng gobyerno.

Sabi nga…one is enough, two is too much and three is dangerous.

Kaya sana naman ay wala ng ikatlong ECQ extension dahil ito ay masasabing isang mapanganib na banta.

Nabanggit ni PRDD na anytime ay maaaring tanggalin ang ECQ kung may lunas o bakuna na para sa COVID-19.

Nakatatak sa isipan ng lahat na ang COVID-19 ay wala pang kaukulang gamot.

Ang labis kong ipinagtataka ay kung bakit na iyong ilang naidedeklarang positibo sa COVID-19 ay nagiging negatibo.

Ilang artista, pulitiko, kilalang personalidad at iba pa ang gumaling sa sakit na ito rito sa ating bansa.

Paano sila gumaling at nakawala sa COVID-19?

Ilalahad sa balita…**SI GANITO KUMPIRMADONG POSITIBO SA COVID-19**…pagkalipas ng ilang mga araw ay malalaman sa balita….**SI GANITO AY NAGNEGATIBO SA COVID-19**…o kaya naman….**SI GANITO AY GUMALING SA COVID-19.**

Ano ba talaga??? Nakakalito ah!

May lunas o gamot nga ba, kasi nga ay paanong gumaling ang ilan sa mga nagpositibo.

Ulitin ko, sana naman ay wala ng ikatlo pang pagkakataon sa extension ng ECQ.

@@@

**KAIBIGAN…KASAMA…K A P A R T N E R … PAALAM PARENG RUDY BONIFACIO**

Abril 23 nang makarating sa aking kaalaman ang pagpanaw ng kapatid sa pamamahayag na si Rudy Bonifacio na naratay sa ospital mula pa noong Abril 8 pero hindi dahil sa COVID-19 ang sanhi ng kanyang kamatayan.

Sa mga unang taon ng HANEP ay bahagi si Rudy subalit dahil sa iba pang commitment ay nagpaalam sa dyaryong ito.

Nitong mga nakaraang buwan ay nagpasya si Rudy na muling maglabas ng kolum dito.

Kasabay ay ang plano naming pagbubuo ng grupo sa HANEP na katunayan ay plantsado na dahil Marso 15 ang dapat na pagtitipon at halalan subalit hindi natuloy bunga ng Luzon-wide ECQ.

Nakakabigla ang pagkawala ni Rudy subalit hanggang doon na lamang ang kanyang hiram na buhay mula sa Panginoong Diyos.

Isang kaibigan na marunong kumilala at tumanggap ng kanyang kamalian.

Isang kasama na ibibigay ang kaalaman sa kagustuhang makatulong.

Isang kapartner na nakasuporta kahit saan pa man pupunta, kumbaga ay 'bahala na si Batman.'

Mananatili kang buhay sa alaala ko, paalam Pareng Rudy.